REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**KAPASIYAHAN BILANG 90-148**

**KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN NG KARAPATAN AT KAPANGYARIHAN ANG PUNONG BAYAN, MGGL. IGNACIO R. BUNYE NA HIRANGIN ANG ALAMPAY & MANHIT LAW OFFICES UPANG LITISIN, IPAGTANGGOL AT TUMAYO BILANG MANANANGGOL SA BAWAT AT LAHAT NG KASO NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA, MAGING ITO AY SIBIL, KRIMINAL O ADMINISTRATIBO AT BINIBIGYAN NG KAUKULANG LAANG-GUGULIN SA HALAGANG ISANGDAAN AT DALAWAMPUNG LIBONG PISO (₱120,000) BAWAT TAON BASE SA RETAINER AND FEE AGREEMENT.**

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, pananagutan ng pamunuan ng Bayan ng Muntinlupa na protektahan ang kapakanan nito sa bawat at lahat ng kaso na maaaring harapin nito maging ito ay paglilitis o pagtatanggol sa ngalan ng munisipyo o sa ngalan ng mga namumuno ng pamahalaan, sa kanilang mga opisyal na mga gawain;

SAPAGKAT, ang kasalukuyang Tanggapan ng Pambayang Manananggol ay kulang sa tauhan/kawani at walang sariling silidsulatan upang lubos na magampanan ang tungkulin na iniaatang dito;

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay maraming kaso ang nililitis at marami din kasong ipagtatanggol sa kasalukuyan;

SAPAGKAT, isa sa mga mahalagang kaso nito ay ang pagkakautang ng MERALCO sa Pamahalaang Bayan na halagang milyong-milyong piso na kinakailangang hawakan ng batikang abogado na may karanasan sa "public utility cases" tulad ng Alampay & Manhit Law Office;

SAPAGKAT, si Mggl. Eliseo Alampay, Jr. ay ginagampanan sa kasalukuyan ng buong husay at talino ang kasong anti-graft laban kay Mayor, Vice-Mayor at sampu ng mga konsehal ng Sangguniang Bayan.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na bigyan ng karapatan at kapangyarihan ang Punong Bayan, Mggl. Ignacio R. Bunye na hirangin ang Alampay & Manhit Law Offices upang litisin, ipagtanggol at tumayo bilang manananggol sa bawat at lahat ng kaso ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa, maging ito ay sibil, kriminal o administratibo at binibigyan ng kaukulang laang-gugulin sa halagang Isangdaan at Dalawampung Libong Piso (₱120,000) bawat taon base sa retainer and fee agreement.

**PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA sa kanilang pang 108 pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-28 ng Mayo 1990 sa Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa.**

**PINAGTIBAY :**

**Mggl. IGNACIO R. BUNYE**
**Punong Bayan/Pangulong Opisyal**

**PINATOTOHANAN :**

**Mggl. RAUL R. CORRO**
**Kalihim Pambayan**

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

**INISPONSOR NG LAHAT NG KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN NA DUMALO SA PAGPUPULONG**

**HINDI DUMALO : KGG. REY E. BULAY**
**KGG. E. ESPELETA**